



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-25 ng Pebrero, 2020

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

IPINAPAALAM NG TAGAPAGREHISTRO ANG MGA SATELLITE NA LOKASYON SA PAGBOTO

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay magbubukas ng apat na mga satellite na lokasyon sa pagboto ngayong weekend upang dagdagan ang mga opsyon para sa maagang pagboto at upang tulungan ang mga iyong hindi pa nakarehistro para makaboto ngunit nais pa rin makisali sa Ika-3 ng Marso na Pampanguluhang Primaryang Eleksyon.

Noong nakaraang eleksyon, ang mga botante ay maaaring [magparehistro nang kondisyonal at bumoto](#) sa Araw ng Eleksyon ngunit sa opisina ng Tagapagrehistro lamang. Pumalibot sa buong building ang mahahabang linya at iyong mga magpaparehistro ay tiniis ang ilang oras na paghihintay.

Sa eleksyong ito, ang mga botante ay maaaring magparehistro at bumoto sa opisina ng Tagapagrehistro at sa bawat lugar ng botohan. Iyon ay maaaring magresulta sa matatagal na paghihintay sa mga lugar ng botohan.

Upang i-offset ang inaasahang dami ng mga huling nagpaparehistro ngayong taon, ang Tagapagrehistro ng mga Botante na si Michael Vu ay ipinaalam ngayong Martes ang pagkakaroon ng apat na mga satellite na lokasyon sa pagboto.

“Ang mga satellite na lokasyon sa pagboto ay binibigyan ang mga botante ng oportunidad na magparehistro at bumoto bago ang Araw ng Eleksyon,” sabi ni Vu. “Kung mas maaga kayong magparehistro at bumoto, mas malamang na hindi ninyo mararanasan ang matatagal na pagkaantala. Ang paghihintay hanggang sa Araw ng Eleksyon ay halos ginagarantiya na mararanasan ninyo ang mahahabang linya.”

Ang mga satellite na lokasyon ay magsisilbi bilang katulong ng opisina ng Tagapagrehistro at ang personnel ng Tagapagrehistro ay magkakaroon ng access sa status ng lahat ng nakarehistrong botante sa county. Ang staff ay maaaring tumulong sa



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-25 ng Pebrero, 2020

proseso ng rehistrasyon at ibigay sa mga botante ang balotang espesipiko sa kanilang adres ng tirahan.

Ang mga balota ay magiging probisyonal, nangangahulugang ang mga botante ay mangangailangan ng dagdag na oras upang punan ang impormasyon sa probisyonal na sobre at i-seal ang kanilang balota sa loob pagkatapos bumoto. Ang Tagapagrehistro ay hindi maaaring bilangin ito hangga't i-tsek nito upang malaman kung kayo ay karapat-dapat na bumoto at hindi pa kayo bumoboto sa ibang lugar sa estado.

Ang mga botante na bibisita sa mga satellite na lokasyon ay magkakaroon din ng access sa mga bagong ballot marking device. Ang mga device ay pinapayagan ang mga botante na markahan ang kanilang mga pinili gamit ang isang touch screen at i-print ang kanilang mga seleksyon sa isang papel na balota. Ang touch screen ay ginagamit lamang upang lumikha ng isang papel na balota, hindi elektronikong i-record ang boto. Ang botante ay maaaring suriin ang papel na balota bago ipasok ito sa isang sobre, at pagkatapos sa kahon ng balota.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay bukas na ngayon upang pagsilbihan ang mga botante bawat araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, pagkatapos ang mga satellite na lokasyon sa pagboto at ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas sa Sabado, Ika-29 ng Pebrero hanggang Lunes, Ika-2 ng Marso mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Ang lahat ay muling magbubukas sa Araw ng Eleksyon kung kailan magbabago ang mga oras ng pagboto sa ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi upang sumalamin sa mga oras sa mga botohan.

Ang mga satellite na lokasyon sa pagboto at opisina ng Tagapagrehistro ay nakalista sa ibaba:



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-25 ng Pebrero, 2020

- San Marcos Community Center
3 Civic Center Drive
San Marcos, CA 92069
- Carmel Mountain Ranch Community Park
10152 Rancho Carmel Drive
San Diego, CA 92128
- Spring Valley Community Center
8735 Jamacha Blvd.
Spring Valley, CA 91977
- South Region Live Well Center
690 Oxford Street
Chula Vista, CA 91911
- Registrar of Voters Office
[5600 Overland Avenue](#)
[San Diego, CA, 92123](#)

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.sdvote.com o tumawag sa 858-565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER

